Republic of the Philippines
**OFFICE OF THE CITY PROSECUTOR**
Quezon City

**HONESTO "NIKKI" M. PARAFINA**
*(****** Mapayapa St., U.P.*
*Village, Quezon City),*
*Complainant,*

*- versus-*

I.S. No. ________________
For: VIOLATION OF RA 8485
THE ANIMAL WELFARE ACT

**ATTY. J******
*(***** Mapayapa St., U.P.*
*Village, Quezon City).*
*Respondent.*

x - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

# COMPLAINT AFFIDAVIT

Ako si HONESTO "Nikki" M. PARAFINA, matapos manumpa ayon sa batas, ay nagpapahayag ng mga sumusunod:

1. Kami po ay may aso na ang pangalan ay si "Porky".

2. Dakong alas 10:00 pasado ng umaga, ika-6 ng Nobyembre, 2007, habang kami ng aking pinsan na si Allan Gutierrez ay nagpipintura sa may bandang labas ng aming bahay na pagmamay-ari ng aming lolo at lola sa nabanggit na address sa itaas, may mga nangyari upang ako ay magsampa ng reklamo laban sa aming kapitbahay na si Atty. J**** na nakatira sa tapat lang namin.

3. Pagbukas ng aming gate upang pumasok ang dumating naming pinsan na si Joey, ay nakapuslit itong si "Porky" at ito ay tumakbo sa daan patungo sa park.

4. Dahil bawal ang pagala-galang aso sa loob ng UP Village, agad tinawag ni Allan si "Porky", at si "Porky" naman ay huminto at bumalik kaagad patungo sa aming bahay.

5. Nang malapit na si "Porky" sa aming pintuan (gate) ay bigla kaming nakadinig ng putok ng baril na galing sa direksyon ng bahay sa aming tapat - ** Mapayapa St., U.P. Village, Quezon City, na kung saan nakatira itong si Atty. J****.

6. Nakita namin ni Allan na may hawak-hawak na rifle itong si Atty. J**** kaya walang kaduda-duda na si Atty. J**** and nagpaputok.

7. Nang suriin namin si "Porky" ay nakita namin na may tumutulong dugo sa may puwetan niya.

8. Nuong araw din na iyon, nagsumbong ang aking lola na si Mrs. Lydia T. Mendoza sa Barangay upang ipa-blotter ang nasabing insidente.

9. Inobserbahan muna namin si “Porky” at nang mapansin namin na wala siyang ganang kumain, matamlay, hirap maglakad at namumula ang mga mata ay dinala namin siya sa veterinary clinic na Vets on the Block kinabukasan, ika-7 ng Nobyembre, 2007.

10. Ipina-confine si Porky sa nasabing clinic kung saan nakuha sa kanya ang bala na galing sa baril ni Atty. J****

11. Patunay na dinala at ginamot si “Porky” ay aking linalakip ang Health Certificate, billing statement, at Official Receipt ng Vets on the Block, at aking minamarkahan ng ANNEXES “1”, “2” at “3”.

12. Noong mga bandang 7:00 ng gabi ng ika-8 ng Nobyembre, 2007, habang pinipinturahan ko ang bahay ng aso, itong isa pa naming aso na si “Conan” ay nakasilip ang nguso sa ilalim ng aming gate.

13. Bigla akong nakadinig ng putok ng air gun at ang bala ay nagpatalbog-talbog (ricochet) sa aming garahe kaya ako at ang aking pinsan ay nagtakip ng mukha sa takot na baka tamaan kami ng bala.

14, Lumabas ako ng gate para tignan kung saan galing ang naturang bala at nakita ko si Atty. J**** na hawak pa ang kaniyang air rifle.

15. Tinanong ko kung bakit niya ginawa iyon pero hindi na siya sumagot kundi umakto pa na itinutok ang nasabing baril sa akin.

16. Tumalikod na lamang ako at bumalik sa aming bahay upang isumbong ang mga pangyayari sa mga kinaukulan.

17. Nahaharap ngayon sa aming barangay ang inihain naming reklamo laban kay Atty. J**** sa salang MALICIOUS MISCHIEF at GRAVE THREATS.

18. Sa kaniyang sagot sa aming reklamo sa barangay, na ang sipi ay aking ilinalakip dito bilang ANNEX “4”, hindi itinanggi ni Atty. J**** ang kaniyang pamamaril sa aming aso. Sa aming paghaharap at pagdinig sa barangay, inamin ni Atty. J**** na binaril nga niya ang aso. Ngunit pinilit niya na tama ang kaniyang ginawa. Kami pa ang kaniyang inireklamo at hinihingian ng kung anu-anong gastos.

19. Ako ay naghahain ng reklamo laban kay Atty. J**** upang siya ay isakdal sa salang paglabag sa **REPUBLIC ACT 8485 – THE ANIMAL WELFARE ACT**.

**HONESTO M. PARAFINA**
*Complainant-Affiant*

SUBSCRIBED AND SWORN to before me this _____th day of February, 2008 at Quezon City, Metro Manila, Philippines. I FURTHER CERTIFY that I personally examined the complainant and that he freely and voluntarily executed the same.